

OPISYAL NA PAHAYAG

Marso 25, 2021

Kontak: Lungsod ng Long Beach Pinagsamang Sentro ng Impormasyon,
562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para Sa Agarang Pahayag

Ang Lungsod ng Long Beach ay Magsisimulang Magbakuna sa mga Residente na 50 taong Gulang Pataas Simula Ngayon

***Hanggang Abril 1, Ang mga Apoyntment ay Para Lamang sa mga
Residente at mga Manggagawa sa Long Beach na dating nag Sayn-Up
sa Pamamagitan ng VAX LB at sa Pamamagitan ng Limitadong mga
Oportunidad sa Walk-Up***

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach ay inihayag ngayon na epektibo kaagad na ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ay magsisimulang magbakuna sa lahat ng mga residente, pati na din ang mga nagtatrabaho sa Long Beach, na may edad na 50 taong gulang pataas. Ang Long Beach ay magiging isa sa mga unang hurikdiksiyon sa kalusugan sa California upang palawakin ang pag-akses ng bakuna sa mga taong nasa edad na ito.

“Nakatuon kami na gawing abeylabol ang mga pagbabakuna sa maraming tao hangga't maaari, at ngayon lahat ng mga residente ng Long Beach at manggagawa na 50 taong gulang at pataas ay karapat-dapat mabakunahan, sinabi ni Alkalde Robert Garcia. “Makikipag-ugnayan kami sa grupong ito sa pamamagitan ng VaxLB at walk up ay abeylabol na ngayon.

Ang mga residente na may edad na 50 taong gulang pataas na dati nang nagrehistro sa VaxLB ay direktang makikipag-ugnay sa Kagawaran ng Kalusugan. [My Turn](#) ay

magsisimulang mag-iskedyul ng mga apoyntment para sa mga 50 taong gulang at mas matanda sa Abril 1. Ang mga residente at manggagawa sa katagoryang ito na hindi nagrehistro sa VaxLB ay maaaring mag-email sa COVID19Vaccine@longbeach.gov, Tumawag sa 562.570.4636 o makatanggap ng bakuna nang walang apoyntment sa Long Beach Convention Center para sa site ng COVID-19 mula alas 11 ng umaga hanggang alas 2 ng hapon, Lunes hanggang Sabado. Humigit-kumulang na 500 daang mga apoyntment na magagamit at abeylabol araw-araw; kung ang lahat ng mga apoyntment para sa walk-up para sa araw na iyon ay nakuha na, ang mga tao ay bibigyan ng hinaharap na apoyntment. Ang mga taong walang mga apoyntment ay dapat na sundin ang mga palatandaan para sa walk-up, at ito ay na akses din ng mga may ADA.

Dapat patunayan ng mga indibidwal ang mga gabay na kinakailangan sa pagiging karapat-dapat na naninirahan o nagtatrabaho sa Long Beach. Ang patunay ng dokumentasyon ng paninirahan ay maaaring magsama ng isang bayarin sa utility na may kanilang adres o lisensya sa pagmamaneho. Maaari din ang ID ng trabaho, pay stub o sulat galing sa pag-empleyo sa opisyal na letterhead ng trabaho na nagpapatunay ng pagtatrabaho. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat at dokumentasyon ay matatagpuan sa longbeach.gov/VaxLB.

Ang mga residente na homebound at interesado na humiling ng apoyntment sa bahay ay maaaring bisitahin ang [website](#) ng Lungsod at upang kumpletuhin ang mga pormas o kaya naman ay tumawag sa 562.570.INFO (4636) para sa tulong. Ang Kawani ng Kagawaran ng Kalusugan ay ipapalabas ang mga kahilingan at kumpirmahin ang pagiging karapat-dapat bago mag-iskedyul ng isang apoyntment para sa isang serbisyo sa bahay. Ang mga indibidwal na may karagdagang mga katanungan ay maaaring mag-email sa COVID19Vaccine@longbeach.gov.

Lahat ng mga residente, kasama ang mga nakatanggap ng mga bakuna sa Covid-19, ay hinihikayat na ipagpatuloy ang pagsasanay sa lahat ng protokol na pangkalusugan at pangkaligtasan, kasama na ang pagsusuot ng mga pantakip sa mukha at pagpapanatili ng wastong pisikal na distansya mula sa iba.

Sa ngayon, mayroong 51,902 libong mga kaso ng Covid-19 sa Long Beach at 907 na daan na mga katao na ang namamatay sa bayrus. Mahigit sa 184,000 na daang libo na mga bakuna ang naibigay na, na kinabibilangan ng humigit-kumulang na 121,500 na daang libo na unang dosis at 62,800 na libong pangalawang dosis. Ang lahat ng

pagbabakuna ay ibinibigay nang walang bayad at ibinigay ng direkta ng pamahalaang pederal.

Para sa mga pinakabagong impormasyon tungkol sa Covid-19, kasama ang mga detalye para sa lahat ng mga ginagawa upang mapanatiling ligtas ang mga residente sa Lungsod ng Long Beach, bisitahin ang longbeach.gov/COVID19 at sundan sa @LongBeachCity on Facebook, Twitter at Instagram.

###